LUNGSOD NG LOS ANGELES

CALIFORNIA

KAREN BASS

MAYOR

# ABISO SA MGA APLIKANTE AT EMPLEYADO ORDINANSA SA INISYATIBA SA PAGKUHA NG TAUHAN NA MAY PATAS NA PAGKAKATAON (FAIR CHANCE INITIATIVE FOR HIRING ORDINANCE)

Ang Tagapag-empleyo na ito ay napapailalim sa Ordinansa sa Inisyatiba sa Pagkuha ng Tauhan na May Patas na Pagkakataon (Fair Chance Initiative for Hiring Ordinance, FCIHO) (LAMC 189.00).

**ITO ANG MGA KARAPATAN MO...**

1. **Hindi makakapagtanong o makakahingi ng impormasyon ang mga Tagapag-empleyo tungkol sa Kasaysayan ng Pagiging Kriminal ng Aplikante hanggang pagkatapos maisagawa ang May Kondisyong Alok ng Trabaho sa Aplikante*.**

   ✓ Kabilang dito ang mga pangangalap ng trabaho at pag-apply sa trabaho o sa panahon ng anumang pag-uusap at panayam.

2. **Kapag nagdesisyon ang Tagapag-empleyo na bawiin ang isang alok ng trabaho batay sa impormasyon na nadiskubre sa panahon ng criminal background check, inaatas sa Tagapag-empleyo na magsagawa ng Pang-indibidwal na Pagtatasa.**

   ✓ Pang-indibidwal na Pagtatasa - isang nakasulat na pagtatasa na epektibong iniuugnay ang mga partikular na aspeto ng Kasaysayan ng Pagiging Kriminal ng Aplikante sa mga panganib na likas sa mga tungkulin ng posisyon sa trabaho na inaaplayan ng Aplikante.

   ✓ Kung binawi ang alok, dapat makatanggap ang Aplikante ng:
   - Nakasulat na abiso,
   - Kopya ng Pang-indibidwal na Pagtatasa, at
   - Mga kopya ng anumang dokumentasyon na ginagamit sa desisyon ng Tagapag-empleyo.

3. **May karapatan ang Aplikante sa Proseso ng Patas na Pagkakataon.**

   ✓ Ang Aplikante ay may pagkakataong magbigay ng impormasyon o dokumentasyon sa isang Tagapag-empleyo tungkol sa katumpakan ng kanyang Kasaysayan ng Pagiging Kriminal o Ulat ng Kasaysayan ng Pagiging Kriminal pagtatasa ng Tagapag-empleyo, tulad ng katibayan ng rehabilitasyon o iba pang nakakapagpabuting mga salik.

   ✓ Inaatas sa Tagapag-empleyo na panatilihing bakante ang posisyon nang hindi bababa sa limang (5) araw mula sa petsa ng notipikasyon ng isang binawing alok ng trabaho upang pahintulutan ang Aplikante na magsumite ng naturang dokumentasyon, at, inaatas sa Tagapag-empleyo na suriin ang anumang dokumentasyon upang muling tasahin ang kanilang desisyon.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON O TULONG, TUMAWAG SA:
CITY OF LOS ANGELES
Department of Public Works
Office of Wage Standards
1149 S. Broadway, Suite 300
Los Angeles, CA 90015
Telepono: (844) WagesLA – Email: WagesLA@lacity.org

*Tandaan: Hindi lahat ng aplikante/empleyado ay saklaw sa ilalim ng FCIHO. Tingnan ang ordinansa (LAMC 189.00) para sa higit na detalye.